



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Protektahan ang iyong sarili laban sa mga mandarambong

Dahil sa mga pag-unlad sa elektronikong komunikasyon, hindi na kinakailangan pang humarap sa iyo ng mga kriminal upang pagnakawan ka. Patuloy na nagbabago ang mga pandarambong at gagawin ng mga mandarambong ang lahat upang makuha sa mga tao ang kanilang pera at impormasyon.

Ang mga mandarambong ay maaaring magpanggap na mula sa iyong bangko o service provider, mag-aalok ng pagtaya sa sports o mga oportunidad sa pamumuhunang may maikling termino. Maaari nilang sabihin na kaya nilang ipabalik ang mga inutang na pera (monies) mula sa ibang bansa, kadalasang mga oportunidad sa pag-iibigan at pakikipag-date, at marami pang ibang diskarte. Sa unang-tingin ang mga ito ay **mukhang** tunay.

Narito ang ilang simpleng hakbang upang maprotektahan ang iyong sarili laban sa mga mandarambong.

Kung mukhang masyado itong maganda para maging totoo...

- **HUWAG** magpadala ng pera o magbigay ng mga detalye ng credit card o online account sa mga taong hindi mo kilala at pinagkakatiwalaan.
- **LAGING** humingi ng independenteng pinansiyal at/o ligal na payo bago gumawa ng anumang pasya sa pamumuhunan o pagbili.
- **HUWAG** umasa lang sa payo ng taong sinusubukan kang bentahan ng serbisyo o pamumuhunan.

Mga pagbebenta sa mga bahay-bahay o mga 'Tradie scam'

- **HUWAG** mapilitan sa pagpirma at pagbabayad nang harapan.
- **LAGING** magsaliksik tungkol sa isang kumpanya o service provider bago magbayad o sumang-ayon sa isang kontrata.
- **LAGING** basahin nang maingat ang anumang kontrata o gawaing-papeles ng serbisyo bago bayaran ang anumang trabaho.

Protektahan ang iyong personal na impormasyon

- **HUWAG** ibigay ang iyong mga personal na detalye o mga detalye ng bank account sa mga taong hindi mo kilala at pinagkakatiwalaan.
- **LAGING** makipag-ugnayan sa iyong bangko, pinansiyal na institusyon o service provider kung ikaw ay kinontak ng isang mandarambong.
- **HUWAG** gamitin ang mga numerong ibinigay sa email upang kumpirmahin ang pagiging lehitimo ng isang email bago tugunan ito.

Huwag agad-agad maniniwala sa nababasa o nakikita lang

- **HUWAG** maniniwala sa isang email na mukhang lehitimo o lumilitaw na naka-link sa isang tunay na website.
- **HUWAG** buksan ang kahinahinala o hindi inaasahang mga email (spam) - huwag pansinin ang mga ito
- **LAGING** mag-ingat sa 'Cold Calling' at kumpirmahin kung sino talaga ang taong kausap mo.

Kung naniniwala ka na ikaw ay naging biktima ng isang paglabag na may kinalaman sa cyber - iulat ito kaagad sa www.acorn.gov.au

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil ng krimen bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au



Justice



Protektahan ang iyong sarili laban sa panlililalang



Triple Zero (000)

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalalagay ang buhay sa panganib.



Police Assistance Line (131 444)

Para sa mga hindi emerhensiya.



Crime Stoppers (1800 333 000)

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.